**GRADE VI**

# ANG PAG-IIMBENTARYO AT PAGTUTUOS NG TUBO AT KITA

## ALAMIN MO

***Ang bata sa larawan ay pinapagbantay ng tindahan ng kanyang nanay. Bago umalis ang kanyang ina, pinagbilinan siya na pagbutihan ang pagtitinda.***




***Ikaw, ano ang gagawin mo upang hindi naman kayo malugi sa araw na iyon?***

***Sa modyul na ito, matututuhan mo ang wastong pag-iimbentaryo, pagtutuos ng halaga ng pinamili, pinagbilhan at tinubo sa pagtitinda. O, ano "K" ka na ba?***



## PAGBALIK-ARALAN MO

Isulat ang tsek (√) kung ang diwa ng pangungusap ay tama at ekis (x) kung mali. Isulat ang iyong sagot sa kuwadernong sagutan:

1. Pagsama-samahin ang lahat ng paninda
2. Madaling abutin ang paninda.
3. Lagyan ng tamang presyo.
4. Ang magkakauri ay pagsama-samahin.
5. Ang pangangailangan ng marami ay dapat unahin.
6. Hayaang nakakalat ang mga paninda.
7. Ang isang tindera ay nagtataglay ng magagandang katangian.
8. Kulang ang sukli na ibinibigay sa mamimili.
9. Bumili ng pinakamataas na uri ng produkto.
10. Ang mga panindang bibilhin ay batay sa pangangailangan ng mga tao sa pamayanan.



## PAG-ARALAN MO

Ang pag-iimbentaryo ng mga paninda ay mahalaga upang malaman ang mga pinamili at pinagbilhan. Nararapat na may malinaw na pagkakatala o listahan ang mga panindang binili at bilang nito gayon din ang mga bilang ng panindang natira. Ang pag-iimbentaryo ay maaaring gawing lingguhan, buwanan o taunan ayon sa hinihingi ng pagkakataon. Dito rin malalaman kung kumikita ang tindahan o hindi.



Narito ang isang halimbawa ng pormulasyon na maaaring gamitin kapag nag-iimbentaryo:

| Pangalan ng tindahan:_______________ | | | Petsa:____________ | |
|---|---|---|---|---|
| Papel ng Imbentaryo o Bilang:______________ | | | | |
| Bilang | Yunit | Pangalan ng Paninda | Halaga ng paninda | Kabuuang Halaga |
| 20 | kilo | bigas | P 35.00 | P 700.00 |
| 30 | piraso | itlog | 5.50 | 165.00 |
| 15 | lata | sardinas | 15.50 | 225.00 |
| 10 | bareta | sabon | 24.00 | 240.00 |
| Itinala ni:_________________ | | | Sinuri ni:_______________ | |

Ang paglalagay ng presyo o halaga ng mga paninda ay ibinabatay sa bahagdang pinaiiral ng pamahalaan. Narito ang pormula ng paglalagay ng presyo ng paninda:

Pormula: Puhunan x 15% bahagdang idadagdag

1 Ballpen = P 6.50 
x 15%

P 6.50 Puhunan 
+ 1.00 idagdag 
P 7.50 Halaga ng pagbebenta

Maraming tindahang kooperatiba ang nagtatabi ng kahati sa pagtangkilik at halagang pinuhunan ng isang taon. Ang kita ng tindahan ay tinutuos o inaawdit nang lingguhan, buwanan at sa huling araw ng taon upang malaman kung magkano ang halaga ng dibidendong matatanggap ng bawat sapi o sosyo.

Mahalagang itago ng isang kasapi ang mga resibo ng kanyang pinamili sapagkat makatutulong ito upang malaman ang antas ng pagtangkilik niya sa kooperatiba. Dalawang linggo bago sumapit ang takdang araw ng pagbibigay ng mga dibidendo, isinasara na ang mga ulat ng pagtutuos upang malaman ang halaga ng dibidendo o kinita at ang halagang natipid. Ang perang natipid ay ang isinasabing kahati sa pagtangkilik.

Ganito tinutuos ang dibidendo:

1. Binibilang ang kabuuang halagang hawak.
2. Ibabawas ang halaga ng mga pinagkagastahan o puhunan.
3. Ang matitirang halaga ang hahati-hatiin ayon sa bilang ng sosyo.

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| Perang hawak | - P 20,000.00 |
| Puhunan | - P 13,000.00 |
| Tubo/kita | - P 7,000.00 |
| Bilang ng sosyo | - 10 |

Ang perang kinita o tinubo ay hahatiin sa 10 sosyo.

P 7,000.00 ÷ 10= P 700.00

Ang bawat kasapi ay tatanggap ng halagang P 700.00. Kung ikaw ay may dalawang sapi tatanggap ka ng P1,400.00

**SUBUKIN MO**

A. Ibigay ang tamang presyo ng mga paninda. Kuwentahin ito sa tubo ng labinlimang porsiyento (15%). Gawin ito sa iyong kuwaderno

| | Puhunan | Presyo |
|---|---|---|
| 1 sardinas | P 12.00 | P 13.80 |
| 1 noodles | P 5.00 | 5.75 |
| 1 itlog | P 5.00 | 5.75 |
| 1 shampoo (sachet) | P 4.60 | 5.30 |

B. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Bakit kailangan ang pag-iimbentaryo ng mga paninda?
2. Kailan ang wastong panahon ng pag-iimbentaryo?
3. Ano-anong impormasyon ang makukuha sa pag-iimbentaryo?
4. Paano tinutuos ang kabuuang halaga ng mga paninda?
5. Ilang porsiyento ang kailangang idagdag sa mga paninda?

## TANDAAN MO

1. Ang imbentaryo ay talaan ng mga pinamili at mga natirang paninda.

2. Ang pagtutuos ng tubo ay ginagawa sa pamamagitan ng pagbilang ng hawak na pera. Ibawas ang puhunan at ang halagang matitira ay ang tubo.

3. Makukuha ang kabuuang tubo sa pagbabawas ng puhunan sa halagang pinagbilhan at ang netong tubo naman ay ang pagbabawas ng mga gastos sa kabuuang tubo.

## ISAPUSO MO

1. Maraming ginagawa ang iyong nanay sa bahay. Naisipan mong magbantay ng tindahan upang makatapos agad ang iyong ina sa mga gawaing-bahay. Anong magandang pag-uugali ang ipinakita mo?

2. Sa dami ng iyong takdang-aralin na sasagutan, nagawa mo pa ring isingit ang paggawa ng imbentaryo ng panindang naipagbili at natira sa inyong tindahan. Anong magandang katangian ang ipinamalas mo?



## GAWIN MO

A. Kuwentahin ang mga sumusunod na suliranin at gamitin ang tamang pormula sa pagkukuwenta ng halagang pagbibili sa isang paninda. Ipakita sa iyong kuwaderno ang tamang pagkukuwenta.

1. Si Gng. Reynoso ay bumili ng 10 pirasong DMC sinulid pamburda sa halagang P 4.00 ang isa. Magkano niya dapat ipagbili ang isang piraso sa may dagdag na 15%.

2. Ang dalawang dosenang pakete ng shampoo ay nabili ni Ching ng Php 110.40. Naipagbili niya ng P 5.30 ang isa magkano ang naging kabuuang tubo sa lahat?



## PAGTATAYA

Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Alamin ang tinutukoy ng bawat isa sa pamamagitan ng pagpili ng tamang sagot sa loob ng panaklong. Isulat lamang ang titik ng wastong sagot sa iyong kuwadernong sagutan.

1. Ito ay talaan ng mga pinamili at mga natirang paninda.

   (A. imbentaryo B. resibo C. pormularyo D. papeles)

2. Ano ang pormula sa paglalagay ng presyo ng paninda?

   (A. Puhunan x 10% B. Puhunan x 15% C. Puhunan x 20% D. puhunan x 25% )

3. Ang halagang tinatanggap ng bawat kasapi ayon sa kanyang inilagak na sosyo ay tinatawag na:


   (A. tubo B. interes C. dibidendo D. puhunan)

4. Alinsunod sa batas, ilang porsiyento ang idinagdag sa puhunan sa pagkukuwenta ng halagang pantinda?

   (A. 10%   B. 15% C.  20%  D.  25%)

5. Ang perang kinita mula sa pagbebenta ng paninda ay tinatawag na:

   (A. interes   B. porsiyento  C. tubo  C. puhunan)



**Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**